**PAGTITIIS SA GITNA NG MGA PAGSUBOK**

Lord's Flock Praise & Worship Topic

By: Fr. SEDFREY NERBES, SVD

Agosto 10, 2024


May mga pagsubok sa buhay na patuloy nating hinaharap. May mga responsibilidad tayo, obligasyon, propesyon, relasyon, at mga suliraning may kinalaman sa paghahanap-buhay. Dagdag pa nito, may mga pakikibaka rin tayong espiritwal. Ngunit gumagawa pa rin tayo dahil sa ating mga pangarap. Ito ang katotohanan ng buhay; maraming dahilan bakit sumusuko ang mga tao. Gayunpaman, ginagamit ito ng Diyos para tayo hubugin at patatagin ang ating pananampalataya gaya ng ginawa Niya kay Job.

**A. Mga Dahilan Bakit Sumuko ang Tao:**

1. Kabiguan / *Burnout* – ang *burnout* ay isang pisikal, emosyonal, o mental na kapaguran. Ang taong sobrang pagod ay kadalasang sumusuko. Marami ang bigo kung ang kanilang inaasahan ay hindi o mabagal natupad, o nagkaroon ng hadlang.
2. Nawawalan ng tiyaga – para makapagtiis sa oras ng pagsubok, alam natin dapat na bahagi ng buhay ang mga balakid at kabiguan. Kaya, mahalaga na maging matatag at matiyaga, at magpokus lamang sa layunin.
3. Kulang o mali ang motibasyon – Para maganyak, kailangang mahalin ang anumang ginagawa. Dapat tunay ang interes at sigasig natin sa paggawa. Sa ating *ministry*, kung walang pagmamahal sa paglilingkod sa Diyos, madali itong isuko. Anuman ang ating ginagawa, dapat maging masaya tayo.

**B. Ang Kwento ni Job:** Maginhawa ang kanyang buhay; maunlad siya. Siya ay taong matuwid, matapat, at pinagpala. Pinahintulutan ng Diyos si Satanas na subukan si Job. Lahat ay nawala sa kanya:pamilya, ari-arian, at kalusugan. Hinikayat din siya ng kanyang asawa na isuko ang Diyos, ngunit hindi pumayag si Job at tiniis ang pagsubok. Sa halip, sinabi niya, "Ang Diyos ang nagbigay, Siya rin ang kukuha. Purihin si Yaweh," (Job 1: 21-22). Sa wakas, pumagitan ang Diyos at ibinalik ang lahat ng nawala kay Job.

Sa mata ng pananampalataya, pinahihintulutan ng Diyos ang lahat ng pagsubok para lalo tayong tumibay. May mga bagay na kailangang mawala para magkaroon ng daan ang mga bagong bagay at mga pagpapala.




**K. Dahilan Bakit Mali Ang Pagsuko:**

1. Hindi nakikita ang mahahalagang aral – Ang mabilis na pagsuko ay hadlang sa personal na paglago, nililimitahan ang tagumpay, pinipigilan ang potensyal. "Hindi natututo ang sumusuko"
2. Hindi natatanggap ang biyaya – Ang pagsuko ay dahilan din para hindi ma-enjoy ang biyaya ng Diyos. Ang panahon ng pagsubok ay panahon ng masaganang pagpapala ng Diyos.
3. Ang kahahantungan ng pagsuko:PAGKATALO! "Ang sumuko, talo!"

**KONKLUSYON**: Sa kabila ng mga pagsubok na nararanasan natin, kailangan nating maging masigasig, magtiyaga at huwag susuko. Kailangan magtiwala tayo sa Diyos at huwag aalisin ang ating pokus kay Hesus. Hindi Niya tayo pababayaang madapa. Mahalaga tayo sa mata ng Diyos. Nais ng Diyos na maabot natin ang buo nating potensyal.

**PAGNINILAY:**

1. Ano ang mga pagkakataong muntik mong isuko ang iyong paglilingkod?
2. Ano ang dahilan bakit ka nanatili?
3. Paano mo palalakasin ang iyong pagtitiis kung may darating na mga pagsubok?

**SCRIBES Ministry:**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Perseverance